



PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1
PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1
FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1

Thursday 17 May 2001 (afternoon)
Jeudi 17 mai 2001 (après-midi)
Jueves 17 de mayo de 2001 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Rédiger un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.

Sumulat ng isang komentaryo tungkol sa isa sa mga sumusunod na sipi.

1. (a)

Papasok na si Jonas sa apartment nang marinig niya ang telepono. Naisip niyang baka si Mel ang tumatawag mula sa Bacolod. O baka naman si Carlo na kahahatid niya lamang sa bahay.

Hindi niya inaasahang si Mrs. Vergara ang nasa linya:

5 “Nag-iisa ka ba, anak?”

“Opo, wala po si Mel”

“E, napatawag ako kasi dumating na ang mga kuha sa anibersaryo.”

Sinikap ni Jonas ngumiti habang nagsasalita, “Ang ganda ninyo siguro sa mga larawan, Inay - mukhang ang saya-saya ninyo sa inyong bagong damit.”

10 Tumawa si Mrs. Vergara, “Bago ko malimutan, may ipinadaan ako d’yang isang pakete sa iyong kapatid. Wala ka pa kanina kaya iniwanan na lamang sa guwardiya sa baba. Hindi ko kasi alam na daraan ka rin pala dito sa bahay.”

“Ano ang laman n’un, Inay?”

15 “May pinasadya ako. Gusto ko sanang umabot ang mga ito sa anibersaryo ngunit huli na nang maisipan ko. Tingnan ninyo na lamang...”

Naulinigan ni Jonas na huminga muna nang malalim ang ina bago nabigkas ang sunod na tanong, “Siyanga pala, sino ba ‘yung kasama mo kanina?”

Nagulat si Jonas sa itinanong ni Mrs. Vergara ngunit hindi siya nagpahalata, “Si Carlo po, bagong barkada sa bowling.”

20 “Bagong kaibigan mo siya?”

“Opo, ngayun-ngayon lang siya sumasama sa amin.”

“Nasaan naman si Mel?”

“Nasa Bacolod pa po. Pagkatapos ng anibersaryo, humabol siya sa kanyang *convention*. Mamayang gabi pa po ang dating.”

25 May bahagyang yanig sa tinig ni Mrs. Vergara nang ito’y nagpatuloy, “Anak, alam mo, mabait na bata ‘yang si Mel.”

Biglang tinapos ni Mrs. Vergara ang usapan. Mabilis itong namaalam at agad ibinaba ang telepono. Habang ibinabalik ang instrumento, damang-dama ni Jonas sa pagsasalita ng kanyang ina na sa kaibuturan ng puso nito’y may nakatagong hiblang hindi pa
30 napapanahong hilahin.

Pumanaog siya upang kunin ang nabanggit na pakete. Sa lalim ng kanyang paggugunamgunam, nakaligtaan niyang sitahin ang guwardiya kung bakit hindi agad nito inabot ang padala ng ina nang siya ay unang pumasok kanina.

35 Binuksan niya ang pakete sa loob ng kanyang silid. Marahan niyang tinanggal ang balot nito. At natambad sa kanya na ang laman ng pakete ay tela - dalawang putol ng pagkapinong-pinong hinabing pinya na sapat sa dalawang bagong barong.

Matagal ding nakaupo si Jonas habang pinagmamasdan ang handog ng magulang. Nininilay-nilay ang naramdamang nipis, lambot, kinis, at dulas na lumulutang sa kanyang harap, lumulutang sa buong silid. Palalim na ang gabi nang siya ay pumunta sa
40 kusina upang maghanda ng kaunting hapunan para sa inaasam-asam na pagdating ng kanyang hinihintay.

Sinipi mula sa maikling kuwentong, *Pakiramdaman*, ni Ino Manalo, 1995.

- Ano ang tema ng siping ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.
- Suriin ang mga damdamin at mga relasyon ng mga tauhan sa kuwento. Patunayan ang iyong sagot batay sa iba't-ibang bahagi ng sipi.
- Batay sa siping ito, may mga simbolo bang ginamit ang may-akda? Ipaliwanag at patunayan ang iyong sagot.
- Batay sa siping ito, magbigay ng komentaryo sa istilo ng pananalaysay ng may-akda.

1. (b)

Sa larawang ito nakasakay
si Taft sa kalabaw.
Tila kambing lang ang kalabaw.
Naninilaw na ang larawan
5 at kahit dapat ng sunugin,
mahalaga pa rin ang nakaraan.

Sa isip ko pagagalawin
ang ulo ng kalabaw,
palilingunin kay Taft.
10 Mag-aalab ang mga mata
nito na dati'y payapang
pumipikit lamang
nang marahan sa bigat.

Mapapaso si Taft
15 sa titig ng kalabaw
at kusang bababa
kahit hira na hira,
kahit kabisado na
ng kanyang puwit
20 ang hugis ng likod
nitong kalabaw.

Kung hindi bababa si Taft
ay mag-aalma ang kalabaw,
ititilapon ang susun-susong taba.
25 At saka wiwika
o mangangarap man lamang
ng unang salitang bibigkasin
pagkatapos ng mahabang katahimikan.

Jim Pascual Agustin, *Si Taft Sa Kalabaw*, 1993.

- Base sa tema ng may-akda, anong uri ng tula ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.
- Ano ang layunin ng may-akda? Ibase ang sagot batay sa iba't-ibang bahagi ng tula.
- Magbigay ng komentaryo sa paggamit ng mga imahen o simbolo sa tula.
- Paano mabisa o hindi mabisa ang makata sa pagpapahayag ng kanyang mensahe? Ipaliwanag ang iyong sagot.